# Napalampas na mga Pagkakataon

A Lord's Flock General Assembly Topic

Ni: Sis Techie Rodriguez, Elder-Founder

Disyembre 3, 2022

Ilan ang may gustong samantalahin ang mga pagkakataon mula sa Diyos? Ang pagkakataon ay maaaring kagustuhan o kumbinasyon ng pangyayari na kailangan nating huwag palampasin upang lumago (Gal.6:10). Kinakausap tayo ng Diyos bilang Kanyang mga anak at hinahandugan tayo ng maraming pagkakataon para sa ating ikabubuti (Jer.29:11). Ginagamit Niya ito upang ipakita ang Kanyang layunin sa atin (Efeso 5). Gayunpaman, maaari nating makaligtaan ang mga pagkakataong ito dahil sa pagiging abala sa ating pang araw-araw na buhay. Kailangan nating magtiwala sa Diyos dahil kung nagbigay Siya sa atin ng pagkakataon, pupuspusin Niya tayo at gagabayan.

**1. Muntik ng mawalan ng pagkakataon si Moses na magamit ng Diyos**. Marami siyang mga dahilan noong tinawag siya ng Diyos. Sinabi niya sa Diyos na magpadala na lang ng iba (Exodo 3-4). Ngunit tinawag pa rin siya ng Diyos at sa huli pumayag din siyang palayain ang mga Hudyo. Sinabi sa kanya ng Diyos kung ano ang dapat niyang gawin upang mapalaya sila.

**2. Paano natin sasamantalahin ang mga pagkakataong binibigay ng Diyos?**

**2.1. Humiling sa Diyos ng mga pagkakataon na maiayos ang lahat (**Roma 5).

2.1.1**. Minsan ang biyaya ay nagbabalatkayong pagkakataon** upang ayusin ang ating pag-uugali, para ipakita na ang Kristiyano ay nasusubok tuwing may mga hamon sa buhay (Santiago 1:3-5).

2.1.2**. Bawat pagsubok ay isang pagkakataon.** Magsimula tayong mamuhay nang may pananampalataya sa harap ng mga pagsubok (2Corinto 4:7-9; Santiago 2:17).

2.1.3. **Buksan natin ang ating puso sa bawat pagkakataong binibigay ng Diyos.** Gumagamit Siya ng mga taong sabik gawin agad ang Kanyang iniuutos.

3. **Naghanda ng pagkakataon ang Diyos na maging mapagbigay ang balo.** Tumugon siya nang may matibay na pananampalataya (1Hari 17).

3.1. Ang kanyang pagiging bukas palad: mayroon lamang siyang 1 pirasong tinapay at konting langis na natira. Ngunit, masaya niyang ibinahagi ito kay Elias.

3.2. Ang kanyang obligasyon: sumunod siya agad. Unahing bigyan ang Diyos (2Corinto 9:6-8). Ang unang ani ay mapupunta sa Kanya, huwag ang tira-tira (Malakias 3:10).

3.3. Nagtiwala siya sa Diyos sa kakaunting meron siya. Pagkatapos, nagsimula ng nagpadaloy ng mga biyaya ang Diyos; (Awit 23; Lucas 6:38).

3.4. Ang nag-uumapaw niyang pananalig: siya ay mapagbigay hindi dahil mayroon siya kundi dahil sa kanyang pananampalataya.

3.5. Narinig ng Diyos ang kanyang panalangin. Noong nawalan na ng hininga ang kanyang anak, tumangis si Elias sa Diyos upang muling ibalik ang buhay ng kanyang anak (1Hari 17:17-23).

4**. Sinamantala ni Pedro ang isang pagkakataon bago mag Pentecostes.** Binigyan sila ng kapangyarihan ni Hesus ng higit pa sa Kanyang nagawa (Juan 14:12).

4.1. Nangyari ang unang himala sa Pintuang Maganda (Mga gawa 3:6-10).

4.2. Nagkaroon ng pagkakataon si Pedro na ipagmalaki sa mga tao ang tungkol kay Hesus (Mga Gawa 3:12-16). Higit ang biyaya ng taong unang nagpapatotoo sa Diyos.

4.3. Inialay ni Pedro ang lahat ng kredito kay Hesus.

**Konklusyon:**

Marami pa tayong magagawa upang maitaas ang pangalan ni Hesukristo. Kunin natin ang lahat ng pagkakataon upang ipamahagi si Hesus. Ang sinumang nakapagpabago sa isang makasalanan ay maliligtas.

**Pagninilay:**

1. Ilang beses mo ng pinalampas ang pagkakataon mula sa Diyos? Paano mo aabangan ang mga pagkakataon sa susunod na mga araw?
2. Gaano kadalas ang pagpapatotoo mo sa mga tao sa kabutihan Niya sa iyo? Kailan ka huling nagbigay ng papuri sa Diyos?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
Tags:#Pananampalataya#Pagsunod